

1

Humigpit ang mga daliri ni Hara sa pagkakahawak sa manibela habang tinatanaw sa malayo ang mansion ng mga Consolacion. Nasa gitna iyon ng malawak na lambak at napapalibutan ng kalikasan. Absolutely a breathtaking sight! And it was her parents' dream house.

Nakatigil ang kanyang sasakyan habang pinagmamasdan ang tanawin.

God, how I missed this place... aniya sa isip. Lalo na ang mga taong nakatira sa bahay na iyon—ang kanyang mga magulang at kaisa-isang kapatid.

Sa mga sandaling iyon, magkahalong emosyon ang nanaig sa dalaga. Pagod, dahil sa ilang oras na pagmamaneho, at excitement, dahil matapos ang ilang taon ay muli siyang nagbalik doon. Subalit nerbyos ang mas naghari sa kanyang dibdib kaya tila dumadagundong ang puso niya sa sobrang kaba.

Mahal na mahal niya ang kanyang pamilya. Nasasabik siyang makita at mayapos ang mga ito. But she hurt them badly more than once in her twenty-eight years of existence. May kasabihan nga,

pinaghihilom ng panahon ang sugat ng nakaraan, and seven years was a long time. Umaasa siyang sapat nang panahon iyon upang malimot ang sakit na dala ng kahapon.

Napabuntong-hininga si Hara nang malalim. *Sana. Dahil nandirito ako upang ayusin ang lahat ng nagawang gusot at hihingi ako ng kapatawaran.*

Akmang paaandarin na niya muli ang kotse nang mula sa kung saan ay isang rumaragasang truck na *GMC Sierra* ang mabilis na paparating habang binabagtas niyon ang daan kung saan siya nakahinto.

“Sh*t!” aniya na natataranta. Napasigaw na lamang siya nang masagi ng bumper ng truck ang likod ng kotse niya. Gumalaw ang sasakyan patungo sa bangin, buti na lang at kaagad niya itong napahinto nang tapakan niya ang preno. Pakiramdam niya ay iyon na ang kanyang katapusan. Mabilis ding namaniobra ng driver ang sasakyan nito upang hindi tuluyang tumama sa kanyang lumang auto.

Halos magkasabay na lumabas ang dalawang drivers mula sa kani-kanyang sasakyan. Imbis na magalit, napasinghap na lamang si Hara sa kanyang nakita. *Oops... hunkifiable!*

A living powerhouse of male sexuality was walking

swiftly toward her. He was tall, dark and strikingly handsome. Talagang binusog ng kaguwapuhan nito ang kanyang mga mata. And the impact of him made her want to run to Mama safely.

Subalit nais din niyang manatili roon, mangarap nang gising kung ano kaya ang pakiramdam ng mga yapos nitong sigurado siyang nakakabaliw. Yes, he was certainly a magnificent brute. Totally dangerous but oh so....

“...dazzling...” sambit niya, with dreamy effect.

“What?” kunot-noong saad ng lalaki nang makaharap siya. “Ano’ng sabi mo?”

Wari’y nagising si Hara sa kanyang pagpapantasya. “Dazzling... ah, hindi malaki. Malaki ang truck mo.” *Gaga, ano ba’ng lumalabas sa bibig ko!*

Tiningnan siya nito nang maigi; tinging tila nagsasabing may toyo siya sa utak. “Are you okay?”

“Yes! Okay na okay. Hanep, ang galing mong umilag! Suwabe iyong pagliko mong ganoon.” Alam ni Hara na kasalanan niya, so she sought to make peace by admiring how good he was at maneuvering the gear. Pero mukhang mali ang entra niya.

“Hanep? Suwabe?” angil nito, halatang bad trip

sa nangyari. “Do you think it was funny?”

“Hey, chill out...”

“Ako pa ang mag-chill out? You almost got us killed!” he snapped, habang lalong dumilim ang mukha nito. “Well, tingnan natin kung ano’ng masasabi mo rito.”

Before she could guess his next move, ikinawit nito ang isang braso sa baywang niya at ipinaglapat ang kanilang mga katawan. Then his mouth descended on hers.

Oh my! hiyaw ng kanyang isipan. It was a kiss of fierce punishment. Subalit may napupukaw itong kiliti sa kanyang kalamnan. A very arousing sensation.

Sinubukan niyang kumawala rito subalit sa higpit ng tila bakal nitong yapos, wala talagang laban ang lakas niya. At kung gaano siya kabilis iginapos sa mga bisig nito ay ganoon din siya kabilis pinakawalan.

“Masarap talaga akong humalik,” tuya nito nang manatili siyang walang kibo. “I made the ladies totally speechless.”

What he said almost choked her. *Napakapresko ng lalaking ‘to, ah! Sige, asaran pala ang gusto mo, ha! Di kita uurungan, ako yata ang reyna ng asaran.*

“Masarap?” aniya na naniningkit ang mga mata. “Sa tanang buhay ko, di ako nangarap na may makahalikang lalaki na panis ang laway. God, mag-toothbrush ka naman bago humalik, ‘no!’”

Pinigil ni Hara ang humalakhak nang makita ang ginawa nito. He really checked his breath, pagkuwan ay tinapunan siya nito ng tingin na napipikon.

“You...” Akmang susunggaban siya ng lalaki upang muling ikulong sa mga bisig nito at bigyan muli siya ng mapagparusang halik subalit nakaiwas siya.

“Sige, subukan mo.” Hinubad niya ang isang high-heeled na sapatos saka iwinawagayway sa harapan ng estranghero. “Ibabaon ko ‘tong takong sa pagmumukha mo.”

Natawa ito sa reaksyon niya. “The typical Hara Consolacion. Lumipas man ang ilang taon, I see you’re still a brat. Frankly speaking, I’m surprised to see you here. Particularly this time. Imbitado ka ba?”

Kilala niya ako? Pero sino siya? Kumunot ang noo ng dalaga. Ano’ng ibig sabihin niyang ‘Particularly this time’? Imbitado saan? Are my parents throwing a party? Naku, bad timing! At bakit nga ba hindi ako inimbitahan?

Nakaramdam siya ng dalamhati. Sa loob ng ilang

taon, no one in her family had ever tried contacting her. *Talagang kinalimutan na nila ako. God, I feel so outcast!*

Her face might have shown how she felt, kaya...

“Kung di ka nasabihan, you better go back to where you came from, dahil siguradong mapapahiya ka lamang.”

Composing herself, derecho niyang tiningnan ang kausap. “Well, it just so happens that I don’t need any invitation. I’m a VIP.”

“VIP... talaga lang, ha?” Tumawa ito nang nakakaloko. “It’s more comfortable to think that way when you know *damn well* you never get one, isn’t it?”

“Just what is that supposed to mean?” tanong niya na napipika na. “At sino ka ba? Wala kang alam sa mga taong nakatira dito.”

“Oh, I know. In fact, mas kilala ko sila kaysa sa ’yo. And I know you, too,” nanunuyang tugon ng lalaki.

Napatingin siya rito nang maigi. Sa kaguwapuhan nito, she couldn’t possibly forget him that easily. Pero hindi niya talaga ito maalala. “Pasensya na. In my line of work, I met so many people that it’s hard to

keep track of names and faces.”

“Oo nga pala, mahina ka sa memorization,” anito na tila sinasadyang galitin siya. “Anyway, kahit matagal ka nang nawala rito at nabura na kami sa iyong isipan, hindi ka pa rin nakakalimutan ng mga tao dito. We still remember you and your past scandal... ah, let’s say—adventures.”

Namula ang mukha ni Hara nang banggitin nito ang nakaraan. Nakaraan na pilit niyang kinalimutan, ngunit bangungot na bumubuntot pa rin sa kanya. It was unfortunate that she met this rude man, who certainly knew how to make her feel bad. *Ang sarap nitong tirisin!*

“Kung ako sa ’yo, mabuting huwag ka nang tumuloy. This is not the right time to do your prodigal daughter act.”

“At bakit?” Namaywang siya. “Tama ka, I don’t like memorizing. But I’m not stupid as you’ve tried to imply. Di talaga dapat tandaan ang mga katulad mong mayabang at ipokrito. And FYI lang, di kita kaano-ano kaya wala kang karapatan na ipagtabuyan o pagsabihan ako ng ganyan. You just don’t have the right!” Mabilis niya itong tinalikuran.

Nakaisang hakbang lang siya, nang mapasigaw

siya at napahawak sa kanang hita. Nakalimutan niyang hindi pa gaanong magaling ang binti na napinsala buhat sa aksidente, limang buwan na ang nakakalipas. At isa sa mga paalala ng doktor habang nagpapagaling siya ay huwag siyang gumalaw nang mabilis.

“Hey!” Mabilis na nahawakan ng lalaki ang kanyang braso upang alalayan siya. “Are you okay?”

“Tsk! Okay, okay... ang plastic mo.” Iwinaksi niya ang kamay nito at pinilit ibalanse ang sarili. “Biglang naging concerned daw! Puwede ba, I can manage alone,” supladang saad niya.

“You can manage to crawl.” Napabuntong-hininga ito sa katigasan ng ulo na ipinakita niya. “Look, you can’t walk with that leg. I bet, wala kang dalang saklay. At siguradong ayaw mo rin na kargahin kita.”

“In your dreams!”

Ngumiti ito. “Kapit ka sa ‘kin.” Tinapik nito ang braso. “This is safe.”

Safe? With all the feelings he was arousing in her, she wasn’t safe with him at all. But she had no other choice, kailangang may umalalay sa kanya upang makalakad patungo sa kotse. Tiningnan muna niya

ito bago tinanggap ang alok nitong braso.

“Ano’ng nangyari?” tanong nito. After watching her take a few experimental, limping steps. “Were you involved in a car accident that your thigh hurts?”

Hara didn’t want anybody prying on her personal life. Kaya kahit hindi iyon ang tunay na rason, tumango na lang siya.

“Iyan ba’ng gamit mo?” tukoy nito sa auto niya. “Mabuti’t umabot ka pa dito. Sa kalumaan niyan, kandidato na dapat iyan sa junk shop.”

“Unfortunately, hindi ako gaya mo na binabaha ng pera. Luma man, hindi pa ‘yan marupok.”

“Masuwerte ka, hindi iyong mukha mo ang napinsala,” he observed, his face was just inches from hers.

Inilayo ni Hara ang mukha. “Just my luck, right?”

Halos lahat ng kanyang kakilala ay iyon ang sinabi. Okay lang mabugbog ang ibang parte ng kanyang katawan, huwag lang mukha? Bakit ba? Why couldn’t people see beyond the surface? Iyon ang ikinaiinis niya. She was a real person, with flaws. Not a perfection they wanted to believe. And in her work, she was one great policewoman.

Imbis sa driver seat, isinakay siya ng estranghero sa passenger seat.

“Paano ako magda-drive?” nagtataka niyang tanong.

“Ako ang magda-drive,” sagot nito. “Tatal, pareho naman tayo ng pupuntahan. Isang kotse na lang ang gagamitin natin. I’ll just return later for my car.”

Hindi na siya nakapagprotesta dahil isinara na nito ang pinto at tumungo sa kabilang side ng lumang auto. Pagdating sa bahay, inalalayan ulit siya nito pagkababa hanggang sa makapasok.

“Nasaan sila?” tanong niya nang wala ni isa sa kanyang pamilya ang sumalubong.

“Hopefully, you didn’t expect a warm welcome from them,” panama nitong saad. Ibinaba nito ang dalang suitcase niya sa gilid ng foyer. “Iwan na muna natin ‘to dito. Sumunod ka, nasa hardin sila.”

“Mukhang pamilyar ka sa bahay, ah,” komento ni Hara.

“Oo, madalas ako dito.”

“Bakit? Sino ka ba talaga?” Lalong tumindi ang curiosity ni Hara, pagkuwan ay nanlaki ang kanyang mga mata. “Are you Shandy’s boyfriend? Or fiancé?”

Napahinto ang lalaki sa paghakbang. “Hindi, but I was someone else’s fiancé before.”

“Oh...” Parang tumigil sa pagtibok ang puso niya nang tapunan siya nito ng malalagkit na tingin. *Gosh... I’m having a heart attack!*

“C’mon, malalaman mo rin kung sino ako.” Hinawakan nito ang braso niya saka iginiya patungo sa likod ng bahay. “Pasensya na’t late ako,” anunsyo ng lalaki habang papalapit sila sa apat na taong nag-uumpukan sa garden chairs. “Naaberya, because one of your visitors here... needed some assistance.”

Hindi maipinta ang hitsura ng mga magulang at kapatid nang makita si Hara. Just a few seconds ago, four smiling faces turn her way, then three smiles faded instantly. Obviously, hindi masaya ang mga ito na nagkita-kita silang muli.

Habang namamayani ang nakakaasiwang katahimikan, nabigyan ang dalaga ng pagkakataong mapagmasdan ang mga kapamilya. Ang ama niya na si Tirso ay mukhang mas tumanda na ang hitsura; puti na ang buhok nito at kita ang malalalim na gatla sa mukha. Katabi nito, ang ina niya na si Emma; may edad na rin. Subalit kahit medyo tumaba ang pigura,

her mom still looked poised and beautiful.

Napasadahan niya ng tingin ang guwapong lalaki na nakaakbay sa kaisa-isang kapatid niya, pagkuwan ay huminto sa mukha ni Shandy. Noong maliliit sila, kambal-tuko ang tukso ng lahat. Isang taon lang ang agwat nila sa isa't isa. Magkahawig ang kanilang mga mukha pati kulay ng balat. Height lamang ang naiiba sa kanila. Petite kasi si Shandy. But in spite of that, lalong gumanda ang kanyang kapatid sa paglipas ng taon.

Kanina, habang papalapit siya, she saw that Shandy was smiling with tenderness in her eyes at the man beside her. Ganoon din ito rito. The look on their faces said it all, they were totally in love with each other. At masaya si Hara para sa ate niya. Galak na may halong lungkot, maniniwala kaya si Shandy na masaya siya para rito? Maybe not....

Matapos ang ilang saglit ng nakabibinging katahimikan, Tirso turned his back and walked inside the house without another word. Napasinghap siya. It was a slap in the face that Hara had expected years ago. Alam niyang hindi magiging madali ang reconciliation na iyon, but to actually experience it—hurts.

Hawak ang isang panyo, nakita niyang nanginging

ang kamay ng ina na pinahid ang kunwa'y pawis sa noo. Emma turned anxious eyes to her elder daughter then a pleading glance toward her.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” ani Shandy sa mababang tinig, batid niya ang galit na pilit nitong tinitimpi. “After all these years... the trouble you made... ang kapal rin ng mukha mo na magpakita pa!”

“Shandy, huwag kang magsalita nang ganyan,” saway ng ginang. “Kapatid mo si Hara.”

“Kapatid? Hindi gawain ng isang kapatid ang manakit!” Padabog na inilapag nito ang hawak na baso sa mesa. “Of course, kung bumalik siya ay iisa lamang ang ibig sabihin n’un... maghahasik na naman siya ng lagim. At sa lahat ng araw, ngayon pa ang pinili niya!”

“Shandy...” apela muli ni Emma saka siya binalingan. “Nasorpresa lang kaming lahat sa pagbabalik mo, Hara.”

Wari’y pinanghihinaan siya ng loob sa naging reaksyon ng pamilya. “Mas mabuti siguro kung tumawag muna ako para—”

“For what? Nais mong salubungin ka namin, with a welcoming party? You wish!” ani Shandy, nang-

uuyam. “Bakit hindi ka na lang nagpakalayu-layo, for good? Mas tahimik ang buhay namin kung wala ka rito!”

“Sandali, ano ba’ng nangyayari?” sabad ng lalaking katabi nito. Bakas sa mukha nito ang pagkalito. “This was supposed to be a celebration.”

“It was, hanggang sa dumating siya.” With trembling lips, Shandy turned toward his shoulder. “She just ruined our day, ‘ling.”

“Bakit?” The man placed a protective arm around her, while staring at Hara. “You looked familiar. Nagkakilala na ba tayo?”

Sasagot na sana siya, pero naunahan siya ng lalaking nakaengkuwentro sa daan. “Siya si Hara, Luke. Hara, si Dr. Luke Gregory, my stepbrother at siya rin ang magiging bayaw mo.”

“Luke Gregory?” she repeated, trying to remember where she heard that name. “Luke Gregory....” Then suddenly, she recalled some memories from the past. Mabilis siyang napaligon sa lalaking unang nakabangga. “Ikaw iyong...”

“Higanteng mataba na kinukutya mo noon at itinulak sa kanal,” salo nito.

Namula ang kanyang mukha sa alaalang iyon. Natandaan niya na dati silang magkapitbahay nito sa Alabang, almost thirteen years ago before transferring to Zambales.

As a youngster, she wondered how a brown-skinned boy, who was Jibril, and a green-eyed-white-blondish hair boy, who was Luke, became brothers. But as years passed by, the two families become good friends and business partners, doon niya nalaman na hindi tunay na magkapatid ang dalawa. Luke was the son of his dad's first marriage, as of Jibril was with his mom's. Divorced ang mga magulang ng una habang namatay naman sa isang aksidente ang ama ng huli. Their single parents' met in Paris, fell in love, and got married. That was how they become a family.

“You're J-Jibril, right?” paniniguro niya habang nakatitig sa mukha ng lalaking nakaaway sa daan.

Ngumisi ito. “Flattered to know that you still remember my name. Yup... your ex-fiancé.”

How could she ever forget! Ang lalaking nais ng kanyang ama na pakasalan niya noon. Ipinagkasundo sila upang magpakasal, na mahigpit niyang tinutulan. Normal sa pamilya nila ang magpakasal para sa ibang rason maliban sa pag-ibig. It's power, money or status in life. Never about love. Bonus lamang ito sa isang

relasyon.

In her case before, kailangan niyang pakasalan si Jibril upang pagtibayin ang family business nila. Naapektuhan kasi ng global crisis ang negosyo ng kanyang ama. Pinagsarhan na sila ng pinto ng mga bangko at tanging ang stepfather lamang ni Jibril ang tumulong sa papalubog nilang pharmaceutical business. In short, she was the collateral.

Bigla siyang nakaramdam ng pangangatog ng tuhod nang sagutin din siya ni Jibril ng nakalulusaw na tingin. Two hundred ninety-five pounds overweight man noon, cute kung maituturing si Jibril. Subalit ang lalaking nakatayo ngayon sa harapan niya na animo’y lumabas sa isang pahina ng *GQ* magazine ay nakakalaglag–panty ang hitsura. Totally good-looking!

Lumapit sa kanya ang dating fiancé at isinara ang bibig niyang nakanganga. “Nanghihinayang ka?” he said softly, for her ears only. “Beneath all those fats, I turned out to be a handsome brute. Sayang, nabusog ka na sana sa ‘kin.”

Namula ang mukha ng dalaga. “What the—”

“Ikaw si Hara?” bulalas ni Luke. “Ang campus sweetheart noon, that all guys dreamt about? Nice to

have finally met you,” anito saka inilahad ang isang kamay.

“Same here.” *One out of five. Buti’t may mabait pang natira sa grupo*, piping turan ng dalaga sa isip habang kinakamayan ito.

“You look a little different now unlike before,” anito. “Lalo kang gumanda.”

Hara smiled. “Thanks. At magaling ka na ring managalog. Tanda ko, you can’t even utter a single Tagalog word before.”

“Yeah, but I studied and prac—” Naputol ang pag-uusap nila nang kumalas si Shandy sa braso ng katipan saka nagmamadaling tumakbo palayo. “Ling, what’s wrong?”

“Luke, for a doctor, napakamanhid mo,” sabad ni Jibril. “Ano sa palagay mo ang mararamdaman ni Shandy, seeing you two flirt in front of her?”

“We’re not flirting!” tutol ni Hara.

Subalit tila walang narinig ang lalaki. “Luke, Hara is Shandy’s sister. *Her sister*, remember?”

‘Her sister’ was emphasized so much that she knew what Jibril meant. Hindi kaagad naintindihan ni Luke ang ibig sabihin ng stepbrother nito kaya siya

na mismo ang nagpaliwanag.

“Luke, ang ibig sabihin ni Jibril... ako ang kapatid ni Shandy na umagaw sa dating fiancé niya.”

“Oh!” Nanlaki ang mga mata ng doktor. “I remember... that supposed double wedding. You and Jibril, Shandy and... what’s the name of that guy again?”

“Gomer.”

Tumangu-tango ito. “Yeah, thanks to you. I wouldn’t have Shandy as my wife now if the two of them got married,” pilyong sabi ni Luke. “Do you make a habit of stealing other women’s men?”

“No!” aniya na natatawa imbis na ma-offend.

“Buti na lang ‘cause I hate hurting your feelings. Hindi kasi kita type.”

Lalo siyang natawa. “Yeah, right. As if type din kita.”

“We’re settled on that account then. Anyway, umupo ka, baka bumigay na iyan.” Ininguso nito ang kanina pang nananakit na paa niya.

“O, Hara, pilay ka!” bulalas ni Emma. Habang nag-uusap sila, nanatili itong nasa likuran niya.

“Okay na ‘ko, Ma. Gumagaling na nga ‘to, eh. Saka, umiinom ako ng pain killers para sa kirot.”

“Oh, good so—”

“Luke,” tawag-pansin ni Jibril dito, “sundan mo na kaya si Shandy. She needs you now.”

Kaagad nitong naintindihan ang ibig sabihin ng kapatid. “Excuse me, ladies,” anito na tumayo. “I’ll just see you around, Hara.”

Kinawayan lamang niya ito.

“Kailangan ko na ring pumasok at tingnan ang papa mo,” saad ni Emma. “Hara, hija, sumunod ka sa ‘kin at ipapakita ko sa iyo ang magiging kuwar—”

“Tita Ems, ako na lang,” pagboboluntaryo ni Jibril. “Tutal, ako rin ang magdadala ng mga bagahe niya.”

Ngumiti ang ginang. “Oh, that’s very nice of you, hijo. Sige, pamilyar ka naman sa East room, di ba?”

Tumango ang binata. “Yes, Tita.”

Aalis na sana ang ina nang muli siyang hinarap nito. “Pupuntahan na lang kita sa kuwarto mo mamaya, hija. Dadalhan kita ng paborito mong inumin... guava juice pa rin ba?” Tumango si Hara.

Saglit siyang pinagmasdan nito. “I’m glad you’re home again, bunso.”

Sinundan ni Hara ng tingin ang papalayong pigura ng ina. Hindi niya mapigilan ang sarili na ma-touch sa sinabi nito. Bago makita ni Jibril ang luhang nangilid sa kanyang mga mata, mabilis niyang pinunasan iyon. Ang hindi niya alam, kanina pa siya inooserbahan ng lalaki.

“Ba’t ayaw mong samahan ako ni Mama sa kuwarto?” sikmat niya habang naglalakad sila.

“Kung naalala mo lang sanang mangumusta, you’ll know that your mother suffers from arthritis. Ayaw lang ni Tita Emma na aminin at ipakita sa ‘min na nahihirapan siya.”

May punto ang binata. Kaya imbis na sagutin ito, minabuti niyang tumahimik na lamang. Matagal ang pitong taon, siguradong marami ang nagbago.

Subalit si Jibril ang hindi niya napaghandaan. The man had the most damnable way of hitting her where it hurt most. Hirap na nga siya kung papaano niya maibalik ang dating relasyon nilang magpamilya, idinidikdik pa nito lahat ng kamalian niya.

“Siguro naman, naiintindihan mo kung bakit umakto ang papa mo ng ganoon,” pagpapatuloy nito. “Nasaktan mo siya. Buong angkan mo ay nadamay sa iskandalo. Nagdusa sila, kinutya. Tito Tirso almost got a heart attack because of you. Respetado ang mga magulang mo; tinitingalang businessman ang papa mo, principal naman sa isang exclusive school ang mama mo. At si Shandy, she was an aspiring chef. Subalit sa isang iglap, naglaho iyon dahil sa—”

“Tama na!” Huminto si Hara saka galit itong tiningnan. “Ramdam kong hindi mo ‘ko gusto. Well, the feeling is mutual. Pero wala kang karapatan na husgahan ako.”

“I’m not judging you, nagsasabi lang ako ng totoo.”

“Hindi ko hinihingi ang opinyon mo kaya puwede ba, tumahimik ka na lang!” asik ng dalaga.

“Bakit, nasasaktan ka? Bato ka na dapat. Saka higit pa riyan ang nararapat sa ‘yo,” pang-iinsulto ni Jibril. “You’re such a selfish person. Sarili mo lang ang iniisip mo.”

“I was a bitch, so what!”

Magsasalita pa sana si Jibril, ngunit tinalikuran na niya ito at naunang pumanhik ng hagdanan.

Nang marating ang pangalawang palapag ng bahay, dumerecho sila sa kuwarto na nasa pinakadulo ng pasilyo.

“Look, Hara, I’m sorry.”

Hindi siya kumibo.

“Hindi ko sinasadyang saktan ka. But someone needed to remind you of what you did.”

“And you’re the right person to tell me, ganoon ba?” Nag-uuyam ang tingin na ipinukol niya rito. “Ang insultuhin at saktan ako ang paraan mo para makapaghiganti ka, because I dumped you on our engagement day.”

Napailing si Jibril. Imbis na patulan siya, binuksan na lamang nito ang pinto. “Ito na iyong East room.”

Pinauna siya nitong pumasok. Nasa loob na siya ng silid nang matanto na iyon ang dati niyang kuwarto. Subalit hindi na ito iyong nakasanayan niya, binago na.

“Pinaayos ito ni Tito noong pag-alis mo,” kuwento ng binata. “Hindi siya napigilan ng iyong mama. He doesn’t want any reminders of you.”

Nanikip ang kanyang dibdib sa nalaman. *Diyos ko, ang sakit...* sa loob-loob niya. Nahihirapan siyang

harapin ang pait ng nakaraan. But in spite of that, hinding-hindi niya magagawang magalit sa ama. May karapatan itong magalit sa kanya.

“See, you’re not welcome here,” kutya ni Jibril. “Kinalimutan ka na nila. Ikaw lang itong nagpupumilit sumiksik dito.”

Hinarap ni Hara ang dating fiancé. “Ano ba’ng trabaho mo?”

Medyo nagulat ito sa tanong niya, but still he answered her, “I’m a businessman.”

“Talaga? Well, you missed your calling,” sarkastiko niyang hayag. “Mas genius ka kasing torturer sa Bilibid sa Muntinlupa. Batid ko, mas mag-e-enjoy ka sa gan’ung trabaho.”

“I bet, hindi ka naging maligaya sa piling ni Gomer, tama ba ako?” pabalang nitong balik na isiningit ang lalaking isa sa dahilan ng pagkasira ng pamilya niya. “What do you expect? You stole him from the woman he truly loves. Lucky Shandy, at may Luke na siyang nagmamahal sa kanya.”

“Sigurado ka bang wala kang gusto sa kapatid ko? You seem a bit infatuated with her.”

Tumawa ito nang mapakla. “Ah... ilang oras

ka pa lang dito, gumagawa ka na ng istorya. You're courting trouble, baby."

"Masyadong kang prangka sa opinyon mo sa 'kin, masama bang gayahin kita? But if you find it irritating, puwede ka namang umiwas at maglaho, ever."

Dahan-dahan itong lumapit sa kanya. "Oh, but I don't want to spoil your game!"

Paatras naman ang ginagawa ni Hara hanggang sa tumama ang kanyang likod sa dingding. Hindi niya gustong makita ni Jibril na natatakot siya rito kaya nagkunwari siyang matapang.

He stopped in front of her, she could feel his breath fanning her cheeks—warm and hypnotic. "Bakit ka ba bumalik, Hara?"

"It's none of your business."

"Not my business?" Mas inilapit pa nito ang mukha sa kanya kaya napilitan siyang ibaling ang mukha sa ibang direksyon. "Nakalimutan mo 'ata na simula ngayon, our families are linked. We'll be one big happy family. At kahit noon pa, ten years to be exact, ako na ang nagpapatakbo ng *Consolacion Enterprises*." Dumapo ang bibig ng lalaki sa punong-tainga niya kaya napasinghap siya. "Kaya dapat alam

ko ang mga kilos mo. I don't want any scandal under my nose.”

Itinulak niya si Jibril, ngunit hindi ito natinag. “Scandal? I'm not a robot that you can control.”

“Tama ka... you're my slave, I'm your master.”

Lalong uminit ang dugo ni Hara. *Diyos ko, mababaliw ako sa bakulaw na 'to!* Muli ay tinangka niyang itulak ito palayo sa kanya, pero tila isang matatag na pader ang lalaki na hindi man lang mayanig.

“Tandaan mo 'to, Hara, hindi ko hahayaang gumawa ka ng panibagong gulo... lalo na sa pagitan nina Luke and Shandy. Malilintikan ka sa 'kin,” banta nito.

“Hindi ka ba nakinig kanina? I told your brother—”

“Narinig ko. But action speaks differently. Isa pa, ginawa mo na minsan kaya maaaring magawa mo ulit. By the way, I'll be watching every move you make. Mas mabuting magpakabait ka nang todo rito,” pahayag nito bago lumabas ng silid.

Nang magsara ang pinto pagkalabas ni Jibril, saka lamang siya nakahinga nang maluwag.

2

Magpahinga. Iyon dapat ang gagawin ni Hara. Ngunit hindi siya komportable na nandoon sa silid na iyon. If it were just a room with no past attached, siguro ma-e-enjoy niya ang palamuti sa paligid. But the room's frame were achingly familiar. Hindi niya mapigilan ang sarili na makaramdam ng lungkot at dismay.

“Ano’ng ginagawa mo dito? Bakit hindi ka na lang nagpakalayu-layo, for good? Mas tahimik ang buhay namin kung wala ka rito....” Muling nagbalik sa kanyang alaala ang sinabi ni Shandy kanina.

Hay... ang hirap nilang kumbinsihin. Kung nakinig lamang sila sa mga paliwanag ko, they probably won't convict me like this...

Ilang ulit niyang sinubukang mag-explain, pero ayaw pa ring maniwala ang kanyang pamilya. Naunahan kasi ng pagsisinungaling, mahirap nang paniwalaan ang mga sumunod pa.

Humugot si Hara ng malalim na hininga upang pakalmahin ang sarili, but the hurt won't go away. Nanlabo ang kanyang paningin at kasabay ng di-mapigilang pagbalong ng luha sa mga mata niya ay

dumaloy rin sa kanyang gunita ang nakaraan na pilit niyang iwinawaglit sa isipan....

New Year's Eve 2000...

"S'abi ko na nga ba, dito lang kita matatagpuan."

Nabosesan ni Hara ang bagong dating, si Gomer. Dating matalik na kaibigan ito ng kanyang Kuya Mike at naging best friend din niya. "And as always, parati mo akong sinasamahan rito."

"Ma'am, concerned lang ako sa'yo."

Kaagad niya itong nilapitan para tulungang magbitbit ng basket. "Bah! Marami ka 'atang nabingwit sa kusina."

Tumawa ito. "Don't worry, they wouldn't notice."

"Salamat sa concern, Goms. Lalo na rito sa chibog, kanina pa kumakalam ang tiyan ko sa gutom, eh."

"Walang anuman, basta ikaw." Tumingin ito sa paligid, then shuddered. "Alam mo, Hara, bilib din ako sa tapang mo. You've stayed here, kahit ang dilim ng paligid. May ilaw nga pero nasa kanto lang ito at kulay yellow pa. Wala kang ibang kasama kundi mga patay. Parang nasa horror movie tayo. Di ka ba natatakot sa

mumu?”

Naroon kasi sila sa memorial park at ang eerie ng katahimikan.

“Tse! Mumu ka d’yan. ‘Andito naman si Kuya.” Huminto sila malapit sa puntod ni Mike. “Siya ang tagabantay ko sa mga mumu. Aba, takot lang nila kay Kuya. Magaling ‘ata itong karatista.”

“Hi, Mike,” kunwa’y bati ni Gomer sa kaibigan. “Magparamdam ka kaya minsan sa kapatid mong matigas ang ulo. Napapagod na kasi akong magbabaysit dito, eh.”

Binatukan niya ang lalaki saka umupo. “Hoy! Di kita inoobliga, ano!”

“Oo nga.” Tumabi ito sa kanya. “Pero ikaw lang rito. Both our families are having dinner together. Masaya silang nagsasalo-salo sa tuwing Pasko’t Bagong Taon. Hindi ka man lang ba hinahanap sa inyo?”

Nagkibit-balikat si Hara. “Ewan.”

Binuksan ni Gomer ang isang boteng beer saka ibinigay sa kanya. Subalit tinanggihang niya ang alok nito. Instead, she took one of the softdrinks-in-can.

“Alam mo bang iniawasan ko nang uminom ng beer?” saad niya na nakatingin sa puntod ng kapatid.

“Dahil sa party at beer, namatay si Kuya.”

Tinapik siya nito sa balikat. “Hara, it was an accident. Wala kang kasalanan sa nangyari.”

“Kasalanan ko. I was a spoiled and stupid fifteen-year-old brat,” giit niya, naiiyak. “Kuya was a graduating student then. Natatandaan ko, napakasaya niya dahil makakapagtapos na siya sa kursong Criminology na gusto niya at natanggap pa siya sa PNP n’un. Alam mong pangarap niyang maging pulis, di ba?”

Tumangu-tango ito. “Isang mahusay na pulis. Nais nga niyang mapabilang sa Presidential Security Group o SWAT.”

“Kuya was the best. Pero dahil sa ‘kin...’ Umagos ang luha niya na pinahid naman ni Gomer ng panyo. “Naglaho ang lahat. God, I feel so guilty and ashamed!”

Tinapik ng lalaki ang balikat nito. “Wala man akong masyadong muscle sa katawan, pero masasandalan mo ‘to. Why don’t you let it out, Hara? Let it go.”

Lalong bumuhos ang mga nakimkim na luha ni Hara. Ikinuwento niya sa kasama ang pangyayari nang gabing iyon. Kahit pinagbawalan, itinuloy pa rin niyang pumunta sa party ng kaibigan. Naparami ang kanyang inom, nalasing siya at nagsusuka na.

Tumawag ang kanyang kaibigan sa bahay nila at si Mike ang nakasagot. Alam nito na pagagalitan siya ng ama kaya imbis na ang driver ang sumundo sa kanya, ito mismo ang pumunta sa venue na party upang sunduin siya.

May gulo noon sa labas ng disco, may ni-raid ang mga pulis na isang bar malapit sa kinaroroonan ni Hara dahil may nagaganap daw na drug transaction ang isang notorious na sindikato. Mike carried her toward the car and put her in the passenger seat. Pasakay na ito sa kotse upang maupo sa driver seat nang magkaroon ng barilan sa pagitan ng alagad ng batas at ang sindikato ng droga. Hindi na niya alam ang sumunod na nangyari dahil nawalan na siya ng malay-tao. Nang magising siya kinabukasan ay nasa hospital na siya, at nalaman niyang patay na si Mike. He was hit by a stray bullet in the back.

Sa loob ng limang taon mula nang mamatay ang kapatid, she tried to be nonchalant about it. Pero ang hindi alam ng mga tao, the burden of her guilt got heavier each passing year.

“Feel better?” tanong ni Gomer. Tumango siya. “Hara, Criminology rin ang kurso mo, di ba? Dahil ba iyon kay Mike? What about your dream of becoming a writer?”

Huminga siya nang malalim. “Change of plan. Gusto kong ipagpatuloy ang pangarap ni Kuya. In fact, tapos ko na ito. I’m also done with the PNP training. Mag-re-report na nga ako sa susunod na linggo, eh.”

“But you should never do—”

“Shh... bayaan mo na lang ako, Goms. Sa ganitong paraan lang ako makakabawi. Maibsan man lang kahit nang kaunti ang nararamdaman kong guilt sa pagkamatay ni Kuya.”

“Mike’s death was an accident, Hara,” giit nito.

Tumango siya. “Aksidente nga, pero hindi ko mapatawad ang sarili ko, Goms. Anyway, don’t worry. I’ll be fine, you’ll see.”

Sa malayo, narinig na nila ang putukan ng pagsalubong ng Bagong Taon. Nagkatinginan sila, sabay kuha ng mga inumin.

“May we have a better coming year for us,” saad ni Gomer.

Nakangiting pinagpingki nila ang canned softdrink at bote ng beer. Tumingin si Hara sa puntod ng kapatid.

Sa loob-loob niya, Happy New Year, Kuya. Pangako, paghuhusayan ko ang pagiging pulis para sa ‘yo.

It was one of those days, nang tanghali na kung makauwi si Hara sa bahay nila. Aakyat na sana siya ng hagdanan patungo sa kanyang silid nang marinig niya ang pagsisisigaw ni Shandy mula sa sala. Without letting her family know, lumapit siya sa kinaroroonan ng mga ito saka lihim na nakinig sa usapan.

“Ma, I’m so happy! Magpapakasal na ako!”

“Huminahon ka, hija,” sambit ni Emma.

Kumunot ang kanyang noo. Si Shandy, magpapakasal? Kanino? naguguluhang tanong niya sa sarili habang nakikinig. She didn’t know that her sister had a boyfriend. Wala man lang siyang napapansin na lalaking umaakyat ng ligaw rito. Or was I too busy to notice?

“But I can’t, Ma,” ani Shandy. “At last, I will be marrying the man I love. This is truly a dream come true!”

“Kaya maghanda ka mamaya kasi sabi ni Kumpadre, pormal silang mamamanhikan ngayong gabi,” anunsyo ni Tirso. “Kailangan maghanda tayo, Ma.”

“Oo, pagsasabihan ko rin si Hara. Sasabay rin

sina Jibril. Teka, nasabihan mo na ba si bunso, Tirso?"

Kumunot ang noo ni Hara, nalilito siya sa istorya. Si Jibril ang pakakasalan ni Shandy? Sabay na mamanhikan? At ano ang dapat sasabihin sa 'kin ni Papa?

"Hindi pa. Palaging wala rito, eh."

"Naku, Pa! Pa'no iyong double wedding namin ni Hara?" ani Shandy. "Mauunsyami!"

*Wari'y binuhusan siya ng malamig na tubig sa balitang iyon. Ako, magpapakasal? Sh*t! Kanino?*

"Kakausapin ko nga si Bunso pagdating niya. Teka, Ma, akin na iyong cell ko, tatawagan ko."

Naramdaman niya ang pag-vibrate ng kanyang phone sa bulsa, ngunit hindi niya ito masagot-sagot.

"Hindi niya sinasagot ang tawag ko."

"Di bale, padating na iyon. Tirso, kausapin mo siya at ipaliwanag mong mabuti ang napagpasyahan mo."

"Oo na. Mabuti nga't okay kay Jibril si Hara. Hindi mahirap kumbinsihin ang binata kahit medyo pilya 'tong bunso natin."

Nanlaki ang kanyang mga mata. Shucks! Ako't si Jibril? Magpapakasal? Napahinga siya nang malalim.

Then her mind recalled the guy's image—his six feet giant height, his bouncy teddy bear physique, big hands and big feet. Totally gigantic but cute. Hindi sa ayaw niya kay Jibril, wala lang talaga siyang feelings para rito maliban sa pagiging kaibigan.

Alam ng kanyang ama na hindi niya gusto ang ganitong mga bagay, pero hindi ito nakikinig sa mga rason. Kung ano ang gusto nito ay dapat masunod.

“Pa, Ma, you made me the happiest woman!” Tumitili si Shandy. “Thank you, God, for hearing my prayers! I can't wait to be the future Mrs. Gomer Montemayor.”

Gomer? Gulat na gulat si Hara. Sheesh! Ako kay Jibril, si Shandy kay Gomer? But it can't be! Nagmamadali siyang umalis upang puntahan sa bahay ang kaibigan.

Madalas siya roon kaya alam na niya ang pasikot-sikot sa bahay na iyon. Tinungo niya ang silid nito.

“Ano ba! Hara? W-what are you doing here?” natataranta nitong tanong nang makita siya. He was caught in the act, women's clothes were scattered all over his bed! “I was just trying to look at all my mom's clothes,” dahilan nito.

Lumapit siya sa kama saka tiningnan ang isang

negligee na may tag pa. “Really? Pansin ko she usually wear Natori labels and not Victoria Secret.”

Namula ang mukha nito. “Ah, she—”

“Bakla ka,” putol ni Hara na tinitigan ito. “Matagal ko nang alam.”

Shocked, napaupo ito sa gilid ng kama. “How? I mean, masyado ba akong obvious?”

“Magaling kang magtago. Pero may mga kaibigan akong kabilang sa third sex, Goms. I know who are straight and who aren’t.” Nilapitan niya ito at hinawakan sa balikat. “You don’t have to be ashamed of who you really are. Tanggap kita. I’m just confused kung bakit pumayag kang magpakasal sa kapatid ko. You’ll just make her miserable. She doesn’t deserve to be with you. Gan’on din ikaw sa kanya.”

“Wala akong choice,” nalulungkot nitong sabi. “Ipinagkasundo kami ng daddy ko at ng papa mo.”

“Ipinagkasundo? For business purposes, I’m sure.”

Tumango si Gomer. “Hindi nila alam ang sekreto ko, Hara. Pumayag lang ako para hindi na ‘ko kukulitin ni Dad.”

“Bakit hindi mo na lang kausapin ang kapatid ko, Goms? Maiintindihan niya ‘to,” udyok niya.

Umiling ito. “No, hindi pa ako handa. Alam mo kung pa’no magalit ang dad ko; walang patawad. Natatakot ako na baka mapatay lang niya ako. Wala sa lahi namin ang baliko.”

“Kaya okay lang na saktan mo ang kapatid ko, mapagtakpan lang ang sekreto mo,” naiinis niyang sabi. “Tarantado ka pala, eh. Alam mo bang mahal na mahal ka ni Shandy?”

Lalo itong nalungkot. “I’m sorry, pero sana maintindihan mo rin ang panig ko, Hara. Nahihirapan din ako. I don’t have freedom to choose the things that I want. Kailangang palaging may approval sa mga magulang ko. Sundin mo ‘to, sundin mo iyon. Napapagod na ‘ko. I want to do something that would make me really happy. At ito lang ang tanging paraan para makatakas ako.”

Napayakap siya kay Gomer. Dama niya ang bigat ng saloobin nito. Because in some way, she also felt prisoner within herself. She was not confused with her own identity, bilanggo siya sa mga maling pagkakataon na siya mismo ang may gawa.

Napahugot siya ng hininga. “Ano’ng plano mo?”

“I’m planning to leave the country. On the wedding day itself, aalis ako. Pupunta ako ng Japan and start

a new life there. No more pretenses.”

“But you can’t! Paano si Shandy, Goms?” tutol niya.

“I’m sorry.”

“Huwag kang mag-sorry lang. Gumawa ka ng paraan bago lumala ang lahat.”

Subalit naduwag ang kaibigan kaya siya na ang kumilos. Sa mismong gabi ng pamamanhikan, pabulong niyang kinausap si Shandy. Nairita ang kapatid at pinagbintangan siyang sinungaling. Sa pagkapika, she confronted everybody and put the spotlight on Gomer who sat at the other end of the table, looking so pale like a ghost.

“Di ba, Goms? Ayaw mo talagang magpakasal?”

Hindi ito umimik.

“Why don’t we tell our parents that we don’t want this arranged marriage, huh?” udyok ni Hara kina Shandy, Gomer, at Jibril. *“Marriage might help our families become stable in this global recession problem, but it will make the four of us miserable for the rest of our lives! Kaya puwede ba, huwag tayong magtangatanganan.”*

“Hara, that’s enough!” galit na saway ng ama.

"I'm sorry, mga kumpadre't kumare. Outspoken lang talaga itong anak ko."

"Pa, hindi mo ako naiintindihan," aniya na may desperasyon na sa boses.

"Bunso..." awat na rin ng ina ni Hara.

Subalit hindi siya natinag, it's now or never. "Shandy, you can't marry Gomer."

"What?" bulalas ni Tirso. *"At bakit hindi puwede?"*

"Because he's gay!"

Napatingin ang lahat sa lalaking nabanggit.

"Gomer?" saad ng ama ng binata. *"Ano ba'ng pinagsasabi ni Hara?"*

Tumayo si Gomer at galit siyang hinarap. "That's not true! Galit lang si Hara dahil gusto niya na siya ang pakasalan ko at hindi ang kapatid niya. She said she loves me, but I told her that I don't love her. Pakakasalan ko si Shandy at hindi siya. Kaya galit na galit si Hara, she threatened to destroy me. And she did." Pagkatapos nitong magsalita ay kaagad itong umalis.

"Gomer!"

Galit na hinabol ni Hara ang kaibigan dahil imbis

na sabihin ang katotohanan, binaligtad siya nito. Siya tuloy ang nagmukhang kontrabida sa isang love story. Mabilis na nakasakay si Gomer sa motorsiklo nito. Tinangka niyang habulin ito upang ibalik sa pulong na iyon at piliting bawiin nito ang sinabi. Subalit pinagtibay lamang ng pagsisinungaling ni Gomer ang ang sitwasyon at ang ginawa niyang paghabol dito. Na kunwa'y gusto niya ang lalaki.

Nang umuwi siya, nasa labas na ng bahay ang maleta niya. Pinalayas na siya ng ama. Kinasusuklaman na siya ni Shandy. She stayed in town for a few weeks, pabalik-balik siya sa bahay nila. Ngunit sukdulan na talaga ang galit ng ama. Then the news spread—she was labeled as a loose woman. Mang-aagaw, kabit and other dirty names. Pati trabaho niya ay naapektuhan na kaya naisipan niyang lumayo na lamang doon. Nang lumisan siya ng Sagisag, iyon din ang araw na umalis si Gomer patungong Japan. A coincidence, but the story got worst. Nabalitang nagtanan daw sila....

Sa kasalukuyan...

Kalalabas lamang ni Hara ng banyo nang makarinig siya ng katok sa pinto ng silid. Si Emma ang napagbuksan niya na may bitbit na tray—nakita niyang may samu't saring finger foods at isang pitsel

ng guava juice.

“Pinahatid n’yo na lang sana sa katulong ang mga ‘to, Ma,” aniya na mabilis kinuha ang tray nang maalala ang sakit ng ina. “Mabigat pa naman.”

“Si Jibril talaga, ang daldal. Okay lang ako, hija. Matapos ang ilang taon, ngayon lamang kita muling napagsilbihan,” anito na may malungkot na timbre sa tinig. “Miss na miss ka namin dito, Hara.”

“Ma...” Sinikil niya ang sarili subalit bumigay rin siya nang yakapin siya ng ginang nang napakahigpit. A warm tight hug that pierced through her very heart. “I’m sorry, Ma. I’m so sorry,” humihikbing saad niya.

“Shh... tama na, you’re home now.” Pati ito ay naiyak din. “Akala ko hindi na kita makikita. Huwag mo nang uulitin ang paglayo, okay? Kung natiis mo kami ng pitong taon, kami na pamilya mo ay hindi. Nag-aalala kami sa ‘yo. Nangulila.”

“Nahihiya kasi ako, Ma. Natatakot. Di ba kahit anong paliwanag ko noon, ayaw na akong kausapin ni Papa at ni Shandy? Kaya naisip kong mas mabuti kung hindi muna ako magpapakita,” katuwiran ni Hara.

Umupo si Emma sa gilid ng kama. “Pero ang tagal, bunso. Ano’ng nagpabago sa isip mo?”

Automatically, Hara rubbed her right thigh. “Ang aksidente. Akala ko katapusan ko na iyon. And I promised God, kung bibigyan Niya ako ng pangalawang buhay, uuwi ako rito at hihingi ng tawad sa inyo. This time, hindi na ako magpapakaduwag.”

Hindi ito makapaniwala sa narinig mula sa kanya. “Duwag? Kailan ka ba naging ganoon? Mula pagkabata, palaban ka na, hija. Your courageous spirit makes your papa proud.”

“And I let him down because of that, Ma.”

“Tama na. Nakaraan na iyon.” Hinawakan nito ang kamay niya saka pinisil. “Just give him and Shandy some time. Patience is all it takes, Hara. At ngayong nandito ka na, hindi ka na pupuwedeng basta aalis. Oo, nasaktan mo kaming lahat. Pero anak ka pa rin namin ni Tirso. Magkapatid pa rin kayo ni Shandy. At mahal na mahal ka pa rin namin.”

“Oh, Ma...” Napuno ng kaligayahan ang dibdib niya sa ipinahayag ng ina. Tila nabawasan ang bigat ng kanyang damdamin. “Alam n’yong di ganoon kadali ang lahat. May nakikisali pang kumag diyan na akala mo’y kriminal ako kung tratuhin.” Napasimangot pa siya.

“Sino? Si Jibril ba?” Natawa si Emma. “Oo’t may

pagkaarogante ang batang iyon. Pero—”

“Ano’ng may pagka? Talagang arogante siya!” bulalas ni Hara. Sumimsim siya ng juice sa baso. “Insultador pa. Sarap tirisin!”

“Hija, Jibril is a good man,” hayag nito. “Alam mo bang inako niya ang responsibilidad sa pagpapatakbo ng negosyo natin kahit maganda ang trabaho niya sa Amerika? General manager siya sa isang kilalang software company, ngunit nag-resign siya upang tumulong na palaguin muli ang nanganganib nating ma-bankrupt na kompanya.”

Mmm... kaya ang laki ng ulo, piping nasasaisip niya. Dahil may utang-na-loob pala ang pamilya nila sa hudas na iyon. And it seemed that her family was so dependent on him.

“Just be friendly with Jibril, hija. Makikita mo, mabait siya...” patuloy ng ina. “O siya, iwan na kita para makapagbihis ka. Dinner will be at seven. Formal tayo, bunso. Pupunta kasi dito si Agatha, ang madrasta ni Luke. And don’t be late. Okay?”

“I’ll be there on time, Ma.”

Hara didn’t consider fashion as her expertise, ngunit pinilit niya ang sarili, to dressed with care. Kung puwede lang sanang hindi na makisalo sa

No Easy Way Out - Jade Phoenix

hapunang iyon. Ngunit batid niya, it wouldn't be a nice decision. Iisipin ng iba na nagtatago siya o naduduwag. Lalo na ang Jibril na iyon. She just wouldn't give him the satisfaction!

Tiningnan niya ang sarili sa salamin pagkatapos maghanda. *Mmm...* aniya sa isip na may pilyang ngiti. *Umpisahan na ang giyera!*

3

Nakatutok ang mga mata ni Jibril sa kaaya-ayang tanawin ng hardin, subalit ang diwa niya ay naglalakbay. He kept on recalling those moments he shared with Hara... pakiramdam niya ay gumung-gumon siya sa mga halik ng dalaga.

Ibang-iba siya kapag nasa malapit ito. Hindi mapakali, mainitin ang kanyang ulo, nanggigigil siyang mahawakan ito. Di niya sinasadya kung bakit pulos pang-iinsulto ang nasasabi niya rito samantalang wala siyang ibang nais kundi ang mapansin ng babae.

C'mon, man, compose yourself! singit ng munting tinig. *Hindi ka na teenager na walang karanasan.*

Sa isang lagok, inubos niya ang brandy na laman ng basong hawak niya. Tama... at hindi isang inosente si Hara. Ramdam niya na may itinatago ito. At iyon ang kanyang aalamin.

Mula sa reflection ng salamin, nakita niya si Hara na pumapanaog ng hagdanan. Pumihit siya paharap dito. Just looking at the woman aroused the animalistic side of him. Pakiramdam niya ay umiikli ang kanyang hininga habang ito ay papalapit sa

kinaroroonan niya. He couldn't help but notice the enticing dress she wore. Dahil sa slit ng damit, every step that she took while descending the stairs gave him the chance to see her soft-looking porcelain legs.

Napalunok si Jibril. Tila nang-aakit ang binti ng dalaga na haplusin niya ito. Damhin ang kakinisan nito. Nakabibighani talaga ang alindog ni Hara. He wanted to pull his gaze away from her but it was glued on her alluring body, pinagmamasdan niya ang kada kilos nito. She was truly a seductress. He couldn't even control some part of him was getting alert. And it wanted to kick hard.

Naalala niya na kahit noon ay napabilang na siya sa isa sa mga lalaking nahuhumaling dito—pinagpapantasyahan at pinagnanasaan ang dalaga. He was totally infatuated and in love with her. Dumating nga sa punto na hiningi na niya ang permiso ni Tirso upang ligawan ang anak nito at pakasalan. Then, the scandal happen. Pakiramdam ni Jibril ay sinaktan siya, tinraydor gaya ng naramdaman ni Shandy. Nauto, ginawang tanga. It was an odd feeling that even now, he still remembered it.

Napailing si Jibril. Nakaraan na iyon. Sa dami ng babaeng nakarelasyon niya, he never wanted them as much as he wanted Hara. He didn't knew what

set her apart from those women. Isa iyon sa mga dahilan na kinayayamutan niya. He wanted her out of his system, pero ang hirap. Siguro kung hindi ito muling nagpakita, he wouldn't feel that she'd be a threat to his peace of mind. To his heart again. God, he thought he was totally over her. Pero may natira pa pala. Kaya para pagtakpan ang kanyang tumitinding pagnanasa rito, he masked it with sarcasm.

“Well, is red for celebration or seduction?” tanong ni Jibril nang makaharap ang dalaga. “Inaakit mo ba ako?”

Nang-uuyam ang mga tingin nito. “Asa ka pa...”

Intimate family dinner, iyon ang akala ni Hara subalit mahigit cincuentang bisita ang dumalo. It was more like a second engagement party, dahil kararating lamang ng mga dayuhang kamag-anak ni Luke mula France.

The supper was delicious. Ngunit di niya malasahan ang sarap ng mga handa. Hindi rin siya mapalagay habang nakikisalo sa mga tao na alam niyang ayaw siyang naroon. Kanya-kanya ang mga ito ng kumpulan. Si Jibril ay kasama ng kanyang ama, talking about business. Ang mama niya at ang

magiging balae ay nag-uusap tungkol sa nalalapit na kasal. At ang lovebirds, nawawala. Probably, needing some private time for their cuddly-lovey moments.

Napabuntong-hininga siya. God, she was bored to death.

“Ate, tapos na kayo? Ililigpit ko na ho ang pinagkainan n’yo,” sabi ng kasambahay sa kanya. “Ano ho ang gusto n’yong dessert?”

Umiling siya. “Salamat, pero busog na ‘ko.”

“Oh, Hara, I’d like you to meet Rose, pinsan siya ni Luke,” pagpapakilala ni Agatha nang lumapit ang isang brunette na babae sa mesa nila. “Siya rin ang maid of honor ni Shandy.”

“Nice meeting you. Hope you’ll enjoy your stay here,” nakangiting sabi niya.

“Thank you,” ani Rose na tinanggap ang pakikipagkamay niya. “I like your place here. And the people are just so charming.”

“Nagtataka ako, hija, kung bakit hindi ikaw ang maid of honor ni Shandy?” patanong na saad ng ginang. “Ikaw dapat, kasi magkapatid kayo.”

Nagkatinginan sila ng ina. “Malalapitin kasi ako sa malas, Tita,” pabiro niyang sagot. Nahihiya siyang

sabihin kay Agatha na kinasusuklaman siya ni Shandy kaya hindi siya ang MOH nito. “And I’m not good with wedding stuff.”

“You mean you’re not the marrying kind?”

Tumango siya. “Maybe...”

“Really?” sabad ni Luke na bigla na lamang sumulpot. “Sayang di kayo nagkatuluyan ni Jibril. May mga mumunting anghel na sana kayo ngayon. Gusto kasi ni Brod ng maraming anak.”

Pakla siyang napangiti. “My mistake, huh?”

“You know, Jibril really likes you. He even admitted to have fallen in love with you.”

“In love with me?” sarkastiko niyang ulit, ngunit tila may kumurot sa puso niya. “Jibril knows something about loving?” she snorted.

“Really,” wari’y pangungumbinsi pa ng kausap.

Hmm... kung totoo man, sayang... Walang ano ay naalala niya, tahimik ang lahat sa gabi ng pamamanhikan. Siya lang itong atat na atat magsalita, contradicting the situation. She was too damn self-centered. Not knowing that someone already loved her, kahit nga di kaaya-aya ang ugali niya. And she crushed that love and threw it away. *Ano kaya ang*

naging buhay ko kung napangasawa ko si Jibril? Were my parents right all along to marry me off with him? Maybe I wouldn't feel alone all this time. Siguro nga, matututunan ko siyang mahalina. Hay...

“Ate, may tawag ho kayo sa telephono,” singit ng kasambahay. “Sabi ko busy ka, pero ang kulit niya, eh. Importante raw.”

Hindi pa man nasasagot ang tawag, alam na niya kung sino ang makulit na caller na iyon. Nag-excuse siya sa mga kausap sa mesa saka pumasok ng bahay. May hawak siyang isang baso ng punch.

“Hello, partner,” bati niya pagkaangat ng receiver.

“Pasensya sa istorbo, parts,” bati nito. Si PO2 Elmo Rivera ang kanyang police partner. Dalawang buwan pa lamang silang magkasama sa trabaho, but he was really nice and protective of her. “Musta?”

“Oy, Sir, wala pang twenty-four hours buhat nang magkita tayo, miss mo na agad ako?” pabiro niyang saad. “Simpleng pangungumusta lang ba ‘to?”

“Hinahanap ka kasi ng therapist mo sa ‘kin, ba’t huminto ka raw sa pagpunta sa sessions n’yo.”

“Okay na ‘ko,” giit ni Hara. “Masyado n’yo akong bini-baby. Sige kayo, baka masanay ako.”

Natawa ito. “Ma’am, okay ka lang ba d’yan? Isang tawag mo lang, pupuntahan kita d’yan.”

Hindi na sekreto kay Elmo ang tungkol sa sitwasyon niya sa kanyang pamilya.

“No, okay lang ako. Masayang-masaya sila,” sarkastiko niyang hayag. “Anyway, I didn’t expect warm greetings. Ramdam ko na ayaw nila ako rito, lalo na’t bad timing ang dating ko dahil muling ikakasal si Shandy. And they think I’m here to steal her fiancé again.”

“Bumalik ka na lang kasi dito. We’ll send them secu—”

“No. I’m not going anywhere, not until I’ve done what I’m supposed to do.” Inumin na sana ni Hara ang punch mula sa hawak na baso nang makita niya sa reflection ng salamin si Jibril. Nakatayo ito malapit sa pinto at nakikinig sa usapan nila ni Elmo. Imbis sa bibig mapunta ang likido, naibuhos niya ito sa suot na damit. “Sh*t!”

“O, bakit?” Nataranta naman ang kausap niya sa linya. “Ano iyon, Hara?”

“Elmo, I’ll just call you back,” sabi niya without any explanation bago ibinaba ang receiver sa cradle. Inilagay niya ang baso sa mesa saka sinubukang i-save

ang damit. Pinagpagan niya ang basang bahagi niyon, but it was no use. Nagmantsa na ang damit. “Damn!”

With animal grace, humakbang si Jibril palapit sa kanya. Inialok nito sa kanya ang panyo nito, ngunit hindi niya tinanggap iyon.

“Asarin mo na naman ba ako o iinsultuhin kaya ka sumunod rito?” sikmat ng dalaga.

A sneer curved his attractive lips. “Nawala ka sa paningin ko, kaya hinanap kita.”

“Bahay namin ‘to. Saan man ako magpunta, puwede, kaya hindi mo na ako kailangan buntutan.”

“What trouble are you planning to do, Hara?” usisa nito sa mababang boses. “At naghahanap ka pa ng kakampi kay... Elmo? I hope this time, pumili ka ng lalaki na walang pananagutan.”

“What’s wrong with you?” Naningkit ang mga mata ni Hara na hinarap ito. “Ba’t ang init-init ng dugo mo sa ‘kin?”

“Because you make my blood boil, Hara. You make me do and say things beyond my control.”

Natameme siya sa sinabi ni Jibril.

“Alam mo bang naging crush ka namin ni Luke

noon, Hara?” prangka nitong sabi. Lumapad ang ngiti ni Jibril nang makita nitong namula ang kanyang mukha. “I just like the wildness in you. Pero nagbago ang taste ko. May kategorya na akong sinusunod sa pagpili ngayon, and you failed on one count. Ayoko sa mga babaeng marami nang karanasan sa lalaki. Gusto ko, ako lang. I’m a very possessive man when it comes to my woman. However, inaalala ko si Luke. There might be some lingering crush he felt for you.”

“Huwag kang mag-isip ng ganyan. Engaged na iyong tao sa kapatid ko.”

Natawa ito nang mapakla. “Nakalimutan mo yata, engaged na rin si Gomer at si Shandy noon pero pinatos mo pa.”

“Iba iyon,” protesta ni Hara.

His look was skeptical. “Talaga? In what way?”

“Basta, iba. I give you my word, hindi ko gusto ang stepbrother mo. Solong-solo siya ni Shandy.”

“Iyan ang problema, babe, your word is worthless.”

Hara gaped at him. My God, he certainly knew how to hit below the belt! “Napaka-suspicious mong tao. Ganyan ka ba sa lahat?”

“Hindi. Sa ’yo lang.”

Napabuntong-hininga si Hara, napapagod na siyang ipagtanggol ang sarili. “Ewan ko sa ‘yo! Ang hirap mong kausap. Gusto mo pa yatang gumawa ako ng kontrata at pirmahan ng sarili kong dugo,” ismid niya.

Tumawa ito nang nakakaloko. “Puwede pero mas okay kung aalis ka na lang dito.”

“Manigas ka!” angil niya. “Wala akong pakialam kung ano ang gusto mong paniwalaan. Para kang sirang plaka.” Aalis na sana siya roon ngunit hinarangan nito ang dadaanan niya. “Lumayo ka...” Habang sinasabi ito, umaatras siya.

An evil glint hit his eyes. “Natatakot ka ba sa ‘kin, Hara?”

“No,” mabilis niyang sambit ngunit ang totoo, takot siya. Being close to him produced an unnerving reaction in her. Lalo na nang malaman niya na gusto siya nito. Pagmamahal na nauwi sa pagkasuklam.

God, he had a wonderful pair of magnetic eyes and very fascinating lips... that Hara was tempted to taste them so much. Admittedly, she has a thing for him. At kung hindi siya iiwas, baka kung saan mapunta ang atraksyong iyon.

“Sinungaling.”

Sumimangot siya. “A-ano?”

She was distracted, nakalimutan na niya kung ano ang pinag-uusapan nila, but she hadn't forgotten his closeness. Close enough to almost feel his body heat. Kung dati ay nais niyang yakapin si Jibril dahil huggable ito, now she wanted to get close and do something flammable.

Bago pa madiktahan ng utak niya ang kanyang katawan na umiwas, he pulled her into his arms and devoured her lips. Because of shock, naparalisa ang dalaga nang ilang sandali. Ngunit nang matauhan, tinangka niyang itulak ito palayo sa kanya at pinilit ang sarili na huwag tumugon sa mainit nitong halik. Pero walang silbi ang panlalaban niya. Lalo lamang lumalim ang mga halik nito at humigpit ang mga braso na nakayakap sa kanyang katawan.

Strange heat began enveloping her body, tingling her senses, weakening her bones. She melted in his arms and responded to his kiss. Wari'y rinig niya ang lakas ng kabog ng kanyang dibdib. At ang kanyang katawan, tila nagbabaga sa apoy.

Bago pa may makakita sa kanilang ginagawa, kumalas si Hara sa mga bisig nito. Hindi siya kaagad binitawan ng binata, but she pushed hard at his chest and he let her go. Napatingin siya sa mukha ni

No Easy Way Out - Jade Phoenix

Jibril, sa mga mata. Nakita niya ang pagnanasa na nakalarawan doon. She wanted him too, pero hindi sa ganoong rason. It was pure lust, how about love?

Mabilis siya tumalikod upang iwan ito. Hindi siya lumingon nang tawagin siya ng binata bagkus ay tuloy-tuloy lamang siyang tumakbo palayo.